ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Bisa ng CE-Learning bilang Kagamitang Pampagtuturo ng Florante at Laura sa Pagpapaunlad ng Makrong Kasanayan sa Panonood ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Mapaya National High School Taong Panuruan 2023-2024

Sarah May Baylon, LPT, MATFil
Occidental Mindoro State College, San Jose, Occidental Mindoro
Corresponding Author email: *sarahmay.baylon@deped.gov.ph*

**Received**: 12 April 2025 **Revised**: 13 May 2025 **Accepted**: 15 May 2025

**Available Online**: 16 May 2025

**Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

https://doi.org/10.63498/etcor323

***Abstrak***
**Layunin:** Ang pananaliksik ay isinagawa upang matanto ang bisa ng CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Mapaya National High School.
**Metodolohiya:** Ang pag-aaral ay gumamit ng isang quasi-eksperimentong metodo na may non-randomized multigroup setup sapagkat isinagawa ang eksperimentasyong pagtuturo sa tatlong pangkat ng mga mag-aaral. Naging batayan ng teknik na ito ang 94 na mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral na nakatanggap ng 75-84 na marka sa ikaapat na panahunan ng Filipino 7. Ang naturang marka ayon sa level of proficiency ay nakapaloob sa developing (75-79%) at approaching proficiency (80-84%) upang maisagawa ang epektibong hambingan sa pagitan ng kontrolado at mga eksperimental na pangkat. Ang proseso ng pagtuturo sa kontrolado at mga eksperimental na pangkat ay binubuo ng tatlong bahagi o pamamaraan: bago manood, habang nanonood at pagkatapos manood. Inilapat sa dalawang eksperimental na pangkat ang materyal na CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo at tradisyonal na pamamaraan naman na sinaliwan ng nakaimprintang larawan at salita ang ginamit sa kontroladong pangkat. Bumuo ang mananaliksik ng pagsusulit para sa pauna at panapos na pagtataya. Naging batayan sa paglikha ng tanong ang mga indikeytor ng kasanayan sa panonood mula kay Donaghy (2019). Ang talatanungan ay binubuo ng 40 aytem na nasa uring pamilian at hinati sa apat na bahagi ng kasanayan sa panonood: pagbabalik o pagmumuni-muni (10 aytem), pagsusuri (10 aytem), pagtatasa (10 aytem), at paglikha (10 aytem).
**Resulta:** Walang makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng paunang pagsusulit ng kontrolado at mga eksperimental na pangkat, ngunit nagkaroon naman ng positibong epekto ang interbensiyong ginamit sa panapos na pagsusulit. Ang makabuluhang pagkakaiba sa kabuuang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga pangkat ay nangangahulugang higit na mataas ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga nasa eksperimental na pangkat sanhi ng interbensyong CE-Learning kaysa sa mga nasa kontroladong pangkat.
**Konklusyon:** Sa madaling sabi, ang paggamit ng CE-Learning sa araling Florante at Laura, maging sa iba pang obra maestra ng panitikang Pilipino ay epektibong kagamitang pampagtuturong dapat lamang gamitin ng mga guro sa Filipino sa kanilang pagtuturo upang mapaunlad ang iba't ibang indikeytor ng kasanayan sa panonood.

***Mga Susing Salita:*** CE-Learning, kagamitang pampagtuturo, makrong kasanayan sa panonood

## INTRODUKSYON

Karaniwang tagpo sa loob ng silid-aralan ang pagbabasa ng guro o ng isang mag-aaral sa panitikang tatalakayin. Mula sa simula hanggang matapos ang talakayan, ang mga mag-aaral ay nakaupo't pasibong nakatuon sa pakikinig o pagbabasa lamang. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit kinaaayawan at kinababagutan ang pag-aaral ng panitikan. Ang tradisyonal na pagtuturo nito, dagdag pa ang mga detalyeng kinakailangang tandaan at unawain, isama na rin ang pakikipagbuno sa libo-libong salita na humahantong sa bagot at antok, ang nag-udyok upang isipin ng mga mag-aaral na ang pag-aaral ng panitikan ay mahirap na paksang aralin. Sa madaling salita, ang



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

pagganyak sa mga mag-aaral na makinig at matuto ay nakasalalay sa pamamaraan at kagamitang pampagtuturong gagamitin ng guro sa pagtalakay ng panitikan (Escaño & Catungal, 2021; Muńoz & Sanchez, 2023).

Batay sa pananaliksik nina Escaño at Catungal (2021), kapansin-pansin na sa tuwing ang aralin sa Filipino ay nasa pagbasa ng teksto at pakikinig, ilan sa mga mag-aaral ay nahihirapang makasagot, maging ito man ay simpleng katanungan, tulad ng pagbabahagi ng mga mahahalagang detalye na ang kasagutan ay matatagpuan at direktang nakasaad sa tekstong tinalakay. Dagdag pa nila, lubos na nahihirapan ang mga mag-aaral na makabuo ng mga hinuha ukol sa mga bagay na hindi direktang nakasaad sa binasa.

Isa sa mga suliraning kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay ang makuha at mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa talakayan buhat na rin sa kawalan ng oras at interes ng mga mag-aaral sa pagbasa. May kakulangan din sa kagamitang pampagtuturong dapat gamitin ng guro na aangkop sa pangangailangan ng mga mag-aral upang matugunan ang mataas na antas ng pagkatuto (Peñeda, 2021).

Kung tutuosin, hindi mahirap uriin ang estratehiyang dapat na gamitin sa pagtuturo ng panitikan sa kasalukuyan. Ayon kay Brumberger (2022b), ipinapalagay na ang mga mag-aaral ngayon ay visually literate dahil sila ay "digital natives" o yaong tinatawag na “Generation Z.” Ang digital native ay tumutukoy sa mga mag-aaral na lumaking napapaligiran ng mga bagong teknolohiya tulad ng mga computer, video game, at mga cell phone. Saad pa niya, ang mga digital native ay may likas na kakayahang magbasa ng mga larawan. Sila ay ‘intuitive visual communicators’ at may kakayahang maghabi ng teksto, larawan, at tunog sa natural na paraan. Nangangahulugang ang kagamitang pampagtuturong nararapat sa mga mag-aaral sa panahon ngayon ay yaong gigising sa kanilang interes at aangkop sa kanilang kinagisnan, tulad ng paggamit ng teknolohiya, partikular ang multimedia.

Ang multimedia ay isang “umbrella term” na ginagamit upang ilarawan ang isang computer program. Dito pinagsama-sama ang iba’t ibang midyum kabilang ang dayagram, teksto, bidyo, dibuho, imahe, animasyon, at tunog. Ito ay makikinita bilang isang epektibong kagamitang pampagtuturo na magbubunsod upang maging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral at upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, mga istilo ng pagkatuto, mga kakayahan at interes sa pagkatuto (Vaughan, 2014).

Idagdag pa, binigyang-diin ni Mayer (2014) na ayon sa Cognitive Theory of Multimedia Learning, ang pagdaragdag ng screen texts ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa isinasalaysay na animasyon. Ayon sa kaniya ang paggamit ng maraming midyum tulad ng spoken texts, animasyon at printed texts ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang pagtuonan ang kanilang piniling istilo ng pagkatuto buhat sa sila’y natututo sa pamamagitan ng iba’t ibang paraan.

Maraming pananaliksik ang nagpatunay na ang multimedia ay nakadudulot ng magandang bunga sa pagkatuto ng wika ng isang mag-aaral. Napauunlad nito ang bokabularyo, balarila, at maging ang kasanayan sa panonood (Cabalida, 2024).

Lumabas sa pag-aaral nina Roque at Guingona (2017) na ang paggamit ng makabagong teknolohiya tulad ng audio-visual aids gaya ng bidyo at slides sa pagtuturo ay isang napakaepektibong pamamaraan. Ayon sa kanila, ang mga kabataan ngayon ay mas natututo at madaling nakasasabay sa talakayan kung ganito ang pamamaraang gagamitin.

Ayon kay Brumberger (2022b), ang paulit-ulit na pagkakalantad ng isang indibidwal sa teknolohiya ay nagbubunga ng maunlad na kasanayan sa pag-iisip. Marami sa mga ito ay visually oriented o yaong nabigyang tuon ang pagpapaunlad ng kakayahan sa panonood.

Binigyang-tuon sa pag-aaral na ito na mapaunlad ang makrong kasanayan sa panonood sa pamamagitan ng materyal na CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo sa kadahilanang ang panonood ayon sa pag-aaral nina Ali at Baig (2022), ay isa sa mga hindi nabibigyang tuon sa larangan ng pananaliksik.

Buhat sa K-12 Curriculum na nakaangkla sa pandaigdigang pamantayan, nais ng Kagawaran ng Edukasyon na matamo ng mga mag-aaral ang 21st Century Skills kabilang ang kasanayan sa Information and Communications Technology (ICT). Nangangahulugan ang lahat ng asignatura sa bagong kurikulum ay dapat na ituro sa tulong ng ICT tulad ng multimedia. At batay sa K-12 Most Essential Learning Competencies (MELCs), ang panonood ay isang kasanayang dapat linangin at matutuhan ng mga mag-aaral.

Ang mga nabanggit na katotohanan ang pinanghahawakan ng mananaliksik upang mataya ang bisa ng materyal na CE-Learning ng Florante at Laura bilang kagamitang pampagtuturo sa ikaapat na panahunan at upang mapaunlad ang makrong kasanayan sa panonood.

Batay sa personal na karanasan ng mananaliksik, bumaba ng ilang bahagdan ang Mean Percentage Scores (MPS) ng mga mag-aaral sa Filipino 8 ng Mapaya National High School, S.Y. 2022-2023 mula sa 58.78% noong ikatlong panahunan ay naging 51.6% na lamang sa ikaapat na panahunan. Ayon sa Department of Education


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Memorandum No.160, s. 2012, ang MPS ay isang pamamaraan upang mabigyang interpretasyon ang resulta ng pagtataya. Ito ay tumutukoy sa ratio sa pagitan ng bilang ng mga aytem na nasagot ng tama at ng kabuuang bilang ng mga tanong sa pagsusulit o ang bahagdan ng mga tamang nasagot na aytem sa isang pagsusulit.

Ang kaganapang ito ay nagbigay paglalagom sa mananaliksik upang matantong dapat paigtingin ang paggamit ng teknolohiya partikular ang multimedia tulad ng CE-Learning. Isa pa, nais masukat ng mananaliksik ang bisa ng materyal na CE-Learning, upang matanto kung ito ay epektibong gamitin bilang kagamitang pampagtuturong magbibigay lunas sa malaking puwang sa pagkatuto ng panitikan buhat sa unti-unting kawalan ng hilig at pagkabagot ng mga mag-aaral sa mga nakasulat na salita.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang masusing pananaliksik na ito ay ukol sa bisa ng CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Mapaya National High School.

Ang mga sumusunod ay mga suliranin sa pag-aaral:

1. Ano ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat?
3. Ano ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa pauna at panapos na pagsusulit ng kontroladong pangkat?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa pauna at panapos na pagsusulit ng eksperimental na pangkat?
6. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat?

**Paglalahad ng Hinuha**

Ang mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na haypotesis

1. Walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat.
2. Walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa pauna at panapos na pagsusulit ng kontroladong pangkat.
3. Walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa pauna at panapos na pagsusulit ng eksperimental na pangkat.
4. Walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa araling Florante at Laura sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral ay gumamit ng isang quasi-eksperimentong metodo na may non-randomized multigroup setup sapagkat isinagawa ang eksperimentasyong pagtuturo sa tatlong pangkat ng mga mag-aaral. Layunin nitong tuklasin ang bisa ng CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Mapaya National High School.

**Mga Respondente at Pamamaraan sa Pagkuha ng Sampol**

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay may kabuuang bilang na 94; 61 na lalaki at 33 na babae. Tatlong seksyon ang respondente; 32 mag-aaral sa seksyon Pearl, 33 mag-aaral sa seksyon Amethyst, at 29 mag-aaral sa seksyon Garnet na nagpatala sa Taong Panuruan 2023-2024.

Ang mga ito ay nakatanggap ng 75-84 na marka sa ikaapat na panahunan ng Filipino 7, ayon sa level of proficiency na nakapaloob sa developing (75-79%) at approaching proficiency (80-84%). Ito ay upang maisagawa ang epektibong hambingan sa pagitan ng kontrolado at mga eksperimental na pangkat.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Partikular na pinili ng mananaliksik ang naturang marka ng mga mag-aaral bilang batayan ng mga kalahok sa pag-aaral, sapagkat sa ikaapat na panahunan ng ikapitong baitang itinuturo ang panitikang "Ibong Adarna", katumbas ito ng awit na "Florante at Laura" na panitikang itinuturo naman sa ikaapat na panahunan ng ikawalong baitang.

Idagdag pa, ito ay isinagawa upang maiwasan ang pagkiling at upang gawing kahambing-hambing ang mga pangkat.

Kontroladong Pangkat. Ang grupong ito ay binigyan ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo sa araling Florante at Laura na sinaliwan ng mga nakaimprintang larawan at salita na may kaugnayan sa panitikang tatalakayin. Ang mga mag-aaral sa seksyon Pearl ang kabilang sa pangkat na ito.

Eksperimental na Pangkat. Ginamit sa pangkat na ito bilang kagamitang pampagtuturo ang materyal na CE-Learning upang talakayin ang araling Florante at Laura. Ang mga mag-aaral sa seksyon Amethyst at Garnet ang kalahok sa pangkat na ito.

**Instrumento sa Pananaliksik**

Bumuo ang mananaliksik ng pagsusulit para sa pauna at panapos na pagtataya. Naging batayan sa paglikha ng tanong ang mga indikeytor ng kasanayan sa panonood mula kay Donaghy (2019). Ang talatanungan ay binubuo ng 40 aytem, na hinati sa apat na bahagi ng kasanayan sa panonood: pagbabalik o pagmumuni-muni (10 aytem), pagsusuri (10 aytem), pagtatasa (10 aytem), at paglikha (10 aytem).

Ginamit din naman ng talahanayan ng ispesipikasyon upang masiguro ang tamang bilang ng aytem sa bawat indikeytor ng makrong kasanayan sa panonood. Dumaan sa masusing balidasyon ang pagsusulit, nang sa gayon ay matasa ang kaangkupan at kawastuhan ng mga tanong na nakapaloob dito.

Ang pauna at panapos na pagsusulit ay binubuo ng 40 aytem na nasa uring pamilian para tasahin ang kasanayan sa panonood gamit ang materyal na CE-Learning sa araling Florante at Laura.

**Paraan ng Pagkalap ng Datos**

Sa pananaliksik na ito, ang mga mag-aaral sa ikawalong baitang ang kalahok sa pag-aaral. Sinigurado ng mananaliksik na ang 94 na mag-aaral na kalahok ay nakatanggap ng 75-84 marka sa ikaaapat na panahunan ng kanilang ikapitong baitang. Bawat kalahok ay binigyan ng paunang pagsusulit.

Ang proseso ng pagtuturo sa kontrolado at eksperimental na pangkat ay binubuo ng tatlong bahagi o pamamaraan upang lubos na maunawaan at makamit ang mga kasanayan sa panonood. Ang una ay bago manood, sa bahaging ito ay ginanyak ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang dating kaalaman ukol sa aralin, mga detalyeng dapat nilang bigyang-pansin, at hinikayat silang bumuo ng prediksyon ukol sa paksa. Pangalawa ay habang nanonood, sa bahaging ito binigyang atensiyon ng mga mag-aaral ang gamit na biswal upang maunawaan ang aralin, bahagi rin nito ang malayang pagtalakay ukol sa mga elemento ng kuwento. Panghuli ay pagkatapos manood, dito inilahad ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa, pagsusuri, reaksyon o damdamin, pagtatasa sa kabisaan ng pagpapahayag ng mga ideya sa aralin, at pagbuo ng panibagong pagkatuto ukol sa paksang tinalakay.

Ginamit ng mananaliksik sa eksperimental na pangkat ang materyal na CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo sa araling Florante at Laura. Sa kabilang banda, tradisyonal na pamamaraan naman na sinaliwan ng mga larawan ang ginamit sa pagtuturo sa kontroladong pangkat. Matapos ay nagsagawa ang mananaliksik ng panapos na pagsusulit upang matanto ang bisa ng materyal na CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa panonood.

Ang pananaliksik ay naganap sa oras ng talakayan sa asignaturang Filipino, ika-7:30 hanggang ika-8:30 ng umaga. Isinakatuparan ang pananaliksik sa loob ng 35 araw tuwing Lunes hanggang Biyernes.

**Pagsusuri at Interpretasyon ng mga Datos**

Upang matukoy ang resulta sa pauna at panapos na pagsusulit para sa kontrolado at eksperimental na pangkat, ang mean at standard deviation ang ginamit. Upang maihambing ang pagkakaiba ng resulta sa kontrolado at mga eksperimental na pangkat ginamit ng mananaliksik ang F=test o "Analysis of Variance". Upang makita ang bisa ng materyal na CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa panonood, ginamit naman ang paired t-test. Inilapat naman sa pagsusuri at pagtataya ng makabuluhang pagkakaiba ang unibersal na level of significance na 0.05, at ang mga datos ay sinuri gamit ang software na SPSS.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Etikal na Pagsasaalang-alang**

Bilang parte ng kinikilalang pamantayan at hinihingi ng paaralang kasangkot sa pananaliksik, ang mananaliksik ay bumuo ng opisyal na liham para sa punong-guro ng paaralan upang humingi ng pahintulot sa isasagawang pag-aaral. Bago isakatupaaran ang pag-aaral, nagsagawa muna ng maikling oryentasyon ang mananaliksik sa mga kalahok patungkol sa layunin ng kaniyang pag-aaral.

## RESULTA AT PAGTALAKAY NG DATOS

### Lebel ng Makrong Kasanayan sa Panonood sa Araling Florante at Laura ng Kontrolado at Eksperimental na Pangkat sa Paunang Pagsusulit

Ang Talahanayan 1 ay naglalarawan ng lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng tatlong pangkat - kontrolado, eksperimental 1, at eksperimental 2 - sa paunang pagsusulit na may kaugnayan sa araling Florante at Laura. Ang mga kasanayan ay sinusukat batay sa limang indikeytor: pagbabalik o pagmumuni-muni, pagsusuri, pagtatasa, paglikha, at ang pangkalahatang lebel ng makrong kasanayan sa panonood.

Sa "pagbabalik o pagmumuni-muni," ang Eksperimental 2 ay nakapagtala ng mababang lebel ng makrong kasanayan sa panonood. Sa *mean score* na 3.00, bagaman pinakamataas sa tatlo, ay mailalarawang may mababang kakayahan ang pagbabalik o pagmumuni-muni ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang. Ito ay sinundan ng Kontrolado (mean=2.88) at Eksperimental 1 (mean=2.73) na pareho ring may mababang lebel ng makrong kasanayan sa panonood.

Ang Eksperimental 2 pa rin ang may pinakamataas na mean score (mean=2.72) para sa indikeytor na "pagsusuri". Sinundan pa rin ito ng Kontrolado (mean=2.44) at ng Eksperimental 1 (mean=2.33). Subalit lahat sila ay masasabing may mababang lebel ng pagsusuri ng makrong kasanayan sa panonood.

Nanguguna pa rin ang Eksperiment 2 sa indikeytor na "pagtatasa" na nakapagtala ng *mean score* na 3.79. Kumpara sa naunang dalawang indikeytor, ito ay nasa katamtamang lebel. Nanatiling nasa mababang lebel naman ang Kontrolado (mean=2.84) at Eksperimental 1 (mean=2.85). Sa indikeytor na "paglikha," nasa mababang lebel ang Eksperimental 2 (mean=2.66), Eksperimental 1 (mean=2.55), at Kontrolado (mean=2.31).

Sa pinagsama-samang *mean scores* ng mga indikeytor, ang Eksperimental 2 ay nakakuha ng 12.17, ang Eksperimental 1 ay 10.45, at ang Kontrolado ay 10.47. Ang mga ito ay nasa mababang lebel ng makrong kasanayan sa panonood na sinukat sa paunang pagsusulit. Ang resulta ay maihahalintulad sa natuklasan nina Pagtulon-an at Tan (2018) na ang marka ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit ay hindi nakaabot sa katamtamang lebel. Dagdag pa, ang mababang resulta ay dapat asahan buhat sa ang mga mag-aaral ay walang dating kaalaman ukol sa paksang aralin. Ito ay pinagtibay ni Pettersson (2014), sa kaniyang pananaliksik na "Visual Literacy and Message Design," nang makakuha ang mga mag-aaral ng mababang marka sa paunang pagsusulit. Mahalagang mabigyang tuon ang paghubog sa kasanayang biswal upang mapaunlad ang kasanayan sa panonood. Ito ay nangangailangan ng makabuluhang pagsasaayos ng mga pamamaraan sa pagtuturo para sa mas mataas na lebel ng pagkatuto sa hinaharap.

Talahanayan 1. Lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa araling Florante at Laura ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit.

| Indikeytor | Kontrolado | | Eksperimental 1 | | Eksperimental 2 | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **SD** | **Mean** | **SD** | **Mean** | **SD** |
| Pagbabalik o Pagmumuni-muni | 2.88 | 1.408 | 2.73 | 1.257 | 3.00 | 1.363 |
| Pagsusuri | 2.44 | 1.294 | 2.33 | .854 | 2.72 | 1.360 |
| Pagtatasa | 2.84 | 1.347 | 2.85 | 1.064 | 3.79 | 1.740 |
| Paglikha | 2.31 | 1.378 | 2.55 | 1.063 | 2.66 | 1.738 |
| **Pangkalahatan** | **10.47** | **4.072** | **10.45** | **3.241** | **12.17** | **3.296** |

*Sukat: 7.21-10.00 Napakataas; 5.41-7.20 Mataas; 3.61-5.40 Katamtaman*
*1.81-3.60 Mababa; 1.00-1.80 Napakababa*
*Pangkalahatan: 32.01-40.00 Napakataas; 24.01-32.00 Mataas; 16.01-24.00 Katamtaman*
*8.01-16.00 Mababa; 1.00-10.80 Napakababa*


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Pagkakaiba sa Lebel ng Makrong Kasanayan sa Panonood sa Paunang Pagsusulit ng Kontrolado at Eksperimental na Pangkat**

Bagaman may pagkakaiba sa mga numero at paglalarawan ng lebel ng makrong kasanayan sa panonood, walang matibay na kabuluhan ito ayon sa estadistika (Talahanayan 2). May pagkakapareho ang kasanayan ng tatlong grupo, at masasabing sila ay *homogenous*. Mababa ang posibilidad na magkaroon ng bayas o pagkiling ang magiging resulta.

Sa lebel ng kasanayan sa "pagbabalik o pagmumuni-muni," ang *p-value* na 0.726, na mas mataas sa hangganang hindi lalampas sa 0.05, ay nagpapahiwatig ng walang makabuluhang pagkakaiba ng tatlong grupo. Magkahalintulad na obserbasyon ang sa "pagsusuri" na may *p-value* na 0.414; "pagtatasa" na may *p-value* na 0.052; at sa "paglikha" na may *p-value* na 0.621. Sa pangkalahatan, ang *p-value* na 0.105 ay hindi rin nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba, kaya't ang kabuuang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ay tinuturing na hindi makabuluhan.

Sa kabuuan, lahat ng indikeytor ng makrong kasanayan sa panonood ay hindi nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kontrolado at mga eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit. Ang mga *p-value* ng lahat ng indikeytor ay lumagpas sa 0.05, kaya't walang sapat na ebidensiya upang ipakita ang makabuluhang pagkakaiba. Kahalintulad ito sa nakitang pananaliksik na isinagawa nina Kafai at Burke (2016) sa *media literacy and game design*. Ito ay upang maiwasan ang pagkiling o *bias* pagdating sa panapos na pagsusulit. Anumang pagkakaiba sa resulta ay masasabing sanhi ng interbensyon at hindi dahil sa pagkakaiba ng mga grupo. Ito rin ang naitala ni Mayer (2014) tungkol sa *multimedia learning* pagdating sa pagpapakahulugan ng mga biswal na elemento tulad ng dayagram at animasyon. Ang mga grupo ay nagpakita ng magkatulad na lebel ng pag-unawa sa nilalaman ng *multimedia.*

Talahanayan 2. Pagkakaiba sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat.

| Indikeytor | Sum of Squares | Mean Square | F | *p-value* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbabalik o Pagmumuni-muni | 1.157 | .578 | .321 | .726 | Hindi makabuluhan |
| Pagsusuri | 2.488 | 1.244 | .891 | .414 | Hindi makabuluhan |
| Pagtatasa | 17.982 | 8.991 | 4.617 | .052 | Hindi makabuluhan |
| Paglikha | 1.891 | .946 | .479 | .621 | Hindi makabuluhan |
| **Pangkalahatan** | **58.701** | **29.350** | **2.314** | **.105** | **Hindi makabuluhan** |

**Lebel ng Makrong Kasanayan sa Panonood sa Araling Florante at Laura ng Kontrolado at Eksperimental na Pangkat sa Panapos na Pagsusulit**

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang tumaas na lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa araling Florante at Laura. Sa panapos na pagsusulit, makikita ang mga pagbabago sa mga marka ng bawat grupo kumpara sa paunang pagsusulit, na nagpapakita ng mga pagbabago sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga estudyante.

Ang Eksperimental 1 ay nagpakita ng mas mataas na *mean scores,* at nagpamalas ng pinakamalaking pag-unlad at pagtaas ng kasanayan sa "pagbabalik o pagmumuni-muni" (mean=6.33) kumpara sa iba pang mga grupo. Sinundan ito ng Eksperimental 2 na may mataas ding lebel ng kasanayan (mean=5.21) at panghuli ang Kontrolado (mean=4.34) na nasa katamtamang lebel.

Sa "pagsusuri," ang Eksperimental 1 ay muling nagtala ng pinakamataas na *mean score* na 6.03, at sumunod ang Eksperimental 2 na may *mean* na 5.76, ngunit sila ay parehong nasa mataas na lebel. Samantala, ang Kontrolado (*mean*=4.00) naman ay nasa katamtamang antas. Kapansin-pansin na ang mga eksperimental na pangkat ay nagpakita ng mas mataas na pag-unlad sa kasanayang pagsusuri ng makrong kasanayan sa panonood.

Muli, ang Eksperimental 1 ay may napakataas na kasanayan sa "pagtatasa" (*mean*=7.91). Sinundan ito ng Eksperimental 2 (*mean*=7.52) na nasa napakataas ding antas; at ng Kontrolado (*mean*=6.09) na nasa mataas na antas naman. Bahagyang bumaba naman ang naitala sa indikeytor na "paglikha". Ang Eksperimental 1 (*mean*=7.06),



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

at ang Eksperimental 2 (*mean*=6.14) ay nasa parehong mataas na antas; samantalang ang Kontrolado (*mean*=5.81) ay nasa katamtamang antas. Ipinapakita nito na ang dalawang eksperimental na pangkat ay may mas mataas na kasanayan sa paglikha ng mga ideya kumpara sa kontroladong pangkat.

Sa pangkalahatan, ang Eksperimental 1 ay may pinakamataas na *mean score* na 27.33, at ito ay nasa Mataas na antas, habang ang Eksperimental 2 (*mean*=24.62) ay nasa parehong antas. Ang Kontrolado (*mean*=20.25) ay nasa Katamtamang antas (16.01-24.00). Ipinapakita ng mga resulta na ang mga eksperimental na pangkat ay may mas mataas na pangkalahatang kasanayan sa panonood kumpara sa kontroladong pangkat sa panapos na pagsusulit.

Sa kabuuan, ang mga eksperimental na pangkat (Eksperimental 1 at Eksperimental 2) ay nagpapakita ng mataas na lebel ng makrong kasanayan sa panonood kumpara sa kontroladong pangkat. Ang Eksperimental 1 ay may pinakamataas na marka sa lahat ng aspeto ng kasanayan, na nagpapatunay na ang eksperimentong interbensiyon ay nakatulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa panonood ng mga estudyante. Pinagtibay ito ng pananaliksik na isinagawa nina Colasante (2022) na nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa panonood sa pamamagitan ng pagsusuri ng bidyo na nagpapahiwatig ng kabisahan ng ginamit ng interbensiyon. Dagdag nila Lee et al. (2014), ang mga mag-aaral na nailantad sa bagong pamamaraan ng pagtuturo gamit ang *multimedia* ay kapansin-pansing nakatamo ng pagtaas sa kaalaman at retensiyon sa paksang tinalakay.

Talahanayan 3. Lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa araling Florante at Laura ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit.

| Indikeytor | Kontrolado | | Eksperimental 1 | | Eksperimental 2 | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | Mean | SD |
| Pagbabalik o Pagmumuni-muni | 4.34 | 2.535 | 6.33 | 2.160 | 5.21 | 1.236 |
| Pagsusuri | 4.00 | 1.934 | 6.03 | 1.489 | 5.76 | 1.527 |
| Pagtatasa | 6.09 | 2.374 | 7.91 | 1.860 | 7.52 | 1.703 |
| Paglikha | 5.81 | 2.086 | 7.06 | 1.456 | 6.14 | 1.807 |
| **Pangkalahatan** | **20.25** | **6.998** | **27.33** | **5.549** | **24.62** | **4.777** |

*Sukat: 7.21-10.00 Napakataas; 5.41-7.20 Mataas; 3.61-5.40 Katamtaman*
*1.81-3.60 Mababa; 1.00-1.80 Napakababa*
*Pangkalahatan: 32.01-40.00 Napakataas; 24.01-32.00 Mataas; 16.01-24.00 Katamtaman*
*8.01-16.00 Mababa; 1.00-10.80 Napakababa*

**Pagkakaiba sa Lebel ng Makrong Kasanayan sa Panonood sa Pauna at Panapos na Pagsusulit ng Kontroladong Pangkat**

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa araling Florante at Laura sa pauna at panapos na pagsusulit ng Kontroladong Pangkat. Ayon sa mga resulta, ang mga *p-value* ng lahat ng indikeytor at ng kabuuang lebel ng kasanayan ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan ng mga estudyante mula sa paunang pagsusulit patungo sa panapos na pagsusulit.

Sa mga indikeytor, mapapansing malaki ang pagtaas sa kasanayang naitala sa "pagtatasa" at "paglikha" sa aralin. Ang *mean differences* ay 3.250 at 3.500 ayon sa pagkakasunod, at ito ay makabuluhan (p=0.00). Makabuluhang pagkakaiba rin ang naitala sa "pagbabalik o pagmumuni-muni" na may *mean difference* na 1.469, at sa "pagsusuri" na may *mean difference* na 1.563. Sa pangkalahatan, ang *p-value* na 0.000 ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan sa panonood ng mga estudyante sa kontroladong pangkat. Ito ay nagpapakita ng pagkatuto ng mga estudyante sa tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo sa araling Florante at Laura na sinaliwan ng mga nakaimprintang larawan at salita na may kaugnayan sa panitikang tatalakayin.

Maihahalintulad ang resulta ng pag-aaral na ito sa pananaliksik nina Demirbas at Sahin (2020) ukol sa epekto ng *digital stories* sa kasanayan ng mga mag-aaral sa panonood. Kanila ring napagtantong may makabuluhang pag-unlad ang marka ng mga mag-aaral ayon sa naging resulta ng pauna at panapos na pagsusulit ng kontroladong pangkat. Ang resultang ito ay nagmumungkahi ng pagbuo ng mas pinahusay na pamamaraan ng guro upang paunlarin ang nakasanayang pagtuturo ng panitikan. Ang mga pagpapabuti na ito ay nagpapakita ng tagumpay ng



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

mga metodolohiya at nagbibigay ng mahalagang impormasyon para sa pagpaplano ng mga susunod na hakbang sa pagbuo ng mas epektibong mga estratehiya sa pagtuturo.

Talahanayan 4. Pagkakaiba sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa pauna at panapos na pagsusulit ng kontroladong pangkat.

| Indikeytor | Mean Difference | Std. Error Mean | t | *p-value* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbabalik o Pagmumuni-muni | 1.469 | .354 | 4.155 | .000 | Makabuluhan |
| Pagsusuri | 1.563 | .336 | 4.653 | .000 | Makabuluhan |
| Pagtatasa | 3.250 | .404 | 8.042 | .000 | Makabuluhan |
| Paglikha | 3.500 | .394 | 8.883 | .000 | Makabuluhan |
| **Pangkalahatan** | **9.781** | **.919** | **10.645** | **.000** | **Makabuluhan** |

**Pagkakaiba sa Lebel ng Makrong Kasanayan sa Panonood sa Pauna at Panapos na Pagsusulit ng Eksprimental na Pangkat**

Makabuluhang pagkakaiba rin ang nakita sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa araling Florante at Laura sa pauna at panapos na pagsusulit ng dalawang eksperimental na pangkat (Talahanayan 5): Amethyst at Garnet. Lahat ng indikeytor ng makrong kasanayan ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa panapos na pagsusulit.

Ang Eksperimental 1 (Amethyst) ay nagtala ng *mean difference* sa "pagbabalik o pagmumuni-muni" na 3.606 (*p-value* = 0.000), sa "pagsusuri" ay 3.697 (*p-value* = 0.000), sa "pagtatasa" ay 5.061 (*p-value* = 0.000), at sa "paglikha" ay 4.515 (*p-value* = 0.000). Sa pangkalahatang kasanayan ay 16.879 (*p-value* = 0.000). Ang mga *p-value* na ito ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa bawat indikeytor ng makrong kasanayan sa panonood matapos gamitin ang materyal na CE-Learning bilang kagamitang pampagtuturo. Pinagtibay nito ang pagiging epektibo ng materyal sa pagpapaunlad ng mga makrong kasanayan sa panonood.

Ang Eksperimental 2 (Garnet), ay nagtala sa "pagbabalik o pagmumuni-muni" ng *mean difference* na 2.207 (*p-value* = 0.000), ang "pagsusuri" ay 3.034 (*p-value* = 0.000), ang "pagtatasa" ay 3.724 (*p-value* = 0.000), ang "paglikha" ay 3.483 (*p-value* = 0.000), at ang pangkalahatang kasanayan ay 12.448 (*t* = 15.109, *p-value* = 0.000).

Sa kabuuan, ang lahat ng indikeytor ng makrong kasanayan sa panonood sa parehong eksperimental na pangkat ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas. Ito ay nagpapatunay na ang materyal na CE-Learning ay epektibo sa pagpapaunlad sa makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral. Ito ay pinagtibay ng pag-aaral na isinagawa nina Demirbas at Sahin (2020) ukol sa epekto ng *digital stories* sa kasanayan ng mga mag-aaral sa panonood. Kanilang napag-alamang may makabuluhang pag-unlad ang marka ng mga mag-aaral ayon sa naging resulta ng pauna at panapos na pagsusulit sa eksperimental na pangkat. Ito'y nangangahulugan ng positibong kapakinabangan dulot ng paggamit ng *multimedia* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa panonood. Ang mga resulta ay nagmumungkahi ng benepisyo ng paggamit ng CE-Learning upang mapataas ang lebel ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral, kaya't mainam na isaalang-alang ang ganitong uri ng pamamaraan sa mga susunod na interbensiyon.

Talahanayan 5. Pagkakaiba sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa pauna at panapos na pagsusulit ng eksprimental na pangkat.

| Pangkat | Mean Difference | Std. Error Mean | t | *p-value* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Eksperimental (Amethyst)*** | | | | | |
| Pagbabalik o Pagmumuni-muni | 3.606 | .337 | 10.703 | .000 | Makabuluhan |
| Pagsusuri | 3.697 | .252 | 14.680 | .000 | Makabuluhan |
| Pagtatasa | 5.061 | .285 | 17.746 | .000 | Makabuluhan |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Paglikha | 4.515 | .222 | 20.300 | .000 | Makabuluhan |
| **Pangkalahatan** | **16.879** | **.832** | **20.280** | **.000** | **Makabuluhan** |
| ***Eksperimental (Garnet)*** | | | | | |
| Pagbabalik o Pagmumuni-muni | 2.207 | .303 | 7.273 | .000 | Makabuluhan |
| Pagsusuri | 3.034 | .356 | 8.522 | .000 | Makabuluhan |
| Pagtatasa | 3.724 | .364 | 10.221 | .000 | Makabuluhan |
| Paglikha | 3.483 | .390 | 8.940 | .000 | Makabuluhan |
| **Pangkalahatan** | 12.448 | .824 | 15.109 | .000 | **Makabuluhan** |

**Pagkakaiba sa Lebel ng Makrong Kasanayan sa Panonood sa Panapos na Pagsusulit ng Kontrolado at Eksprimental na Pangkat**

May pagkakaiba sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa araling Florante at Laura sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at mga eksperimental na pangkat (Talahanayan 7), at ang pagkakaibang ito ay may kabuluhan (Talahanayan 6). Lahat ng indikeytor ng makrong kasanayan ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa tatlong pangkat ng mag-aaral.

Sa "pagbabalik o pagmumuni-muni", ang *mean score* na 6.33 ng Eksperimental 1 ay pinagtibay ng *p-value* na 0.001, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kasanayan. Malinaw na naiiba ito sa resulta ng Eksperimental 2 at Kontrolado. Ang parehong *trend* ay nakita rin sa pagsusuri, pagtatasa, at paglikha.

Sa pangkalahatan, ang *p-value* ng mga indikeytor ay mas mababa sa 0.05 na nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa makrong kasanayan sa panonood ng mga estudyante sa kontrolado at mga eksperimental na pangkat. Ang resulta ng pag-aaral ay maihahalintulad sa pananaliksik na isinagawa nila Sari et al. (2021), na nakatuon sa epekto ng paggamit ng *multimedia learning* sa akademikong pagtatagumpay ng mga mag-aaral. Ang eksperimental na pangkat na nilapatan ng *multimedia-based learning*, ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas ng resulta sa panapos na pagsusulit kaysa sa kontroladong pangkat na gumamit ng tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Pinagtibay ng pananaliksik na ito ang ideyang ang *multimedia* ay nakatutulong sa pagpapabuti ng *retention* at kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Talahanayan 6. Buod ng makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral sa kontrolado at mga eksperimental na pangkat batay sa resulta ng panapos na pagsusulit.

| **Pangkat** | **Indikeytor**<br>**Pagbabalik o Pagmumuni-muni** | **Pagsusuri** | **Pagtatasa** | **Paglikha** | **Pangkalahatan** |
|---|---|---|---|---|---|
| Kontrolado | 4.34 | 4.00 | 6.09 | 5.81 | 20.25 |
| Eksperimental 1 | 6.33 | 6.03 | 7.91 | 7.06 | 27.33 |
| Eksperimental 2 | 5.21 | 5.76 | 7.52 | 6.14 | 24.62 |

Talahanayan 7. Pagkakaiba sa lebel ng makrong kasanayan sa panonood sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksprimental na pangkat.

| **Lebel ng Makrong Kasanayan sa Panonood** | **Sum of Squares** | **Mean Square** | **F** | ***p-value*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbabalik o Pagmumuni-muni | 64.742 | 32.371 | 7.528 | .001 | Makabuluhan |
| Pagsusuri | 77.592 | 38.796 | 13.994 | .000 | Makabuluhan |
| Pagtatasa | 58.589 | 29.295 | 7.270 | .001 | Makabuluhan |
| Paglikha | 27.213 | 13.606 | 4.209 | .018 | Makabuluhan |
| **Pangkalahatan** | 827.158 | 413.579 | 11.978 | .000 | Makabuluhan |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Konklusyon**

Batay sa natuklasan ng pag-aaral, may magkaparehong lebel ng makrong kasanayan sa panonood ang mga mag-aaral sa kontrolado at mga eksperimental na pangkat. Ipinapakita rito na ang mga pangkat na kalahok sa pag-aaral ay may parehong lebel ng makrong kasanayan sa panonood. Natuklasan ding ang ginamit na kagamitang pampagtuturo sa dalawang eksperimental na pangkat ay nagdulot ng pag-unlad sa makrong kasanayan sa panonood, mas mataas sa pamamaraang ginamit sa kontroladong pangkat. Gayunpaman, napatunayan na ang tradisyonal na pagtuturo ay nagdulot rin ng makabuluhang pag-unlad sa makrong kasanayan sa panonood. Sa kabilang banda, lumitaw na isang epektibong kagamitang pampagtuturo ang CE-Learning na ginamit sa dalawang eksperimental na pangkat upang ituro ang araling Florante at Laura. Sa kabuuan, ang CE-Learning ay may makabuluhang epekto sa makrong kasanayan sa panonood.

**Rekomendasyon**

Upang higit pang mapaunlad ang makrong kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral, mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagbuo ng mga epektibong pamamaraan sa pagtuturo. Dapat ay maghanda ang mga guro ng mga gawaing pampaaralan na kasangkot ang panonood, pagsasanib ng paglinang ng kasanayan sa panonood sa kurikulum, at pagsumikapang mapagkalooban ng mga kagamitang pampagtuturong magpapaunlad ng kasanayan sa panonood tulad na lamang ng CE-Learning. Gayundin, dapat na isaalang-alang ng mga guro ang paggamit ng multimedia partikular ang CE-Learning sa pagbabalangkas ng kanilang mga ilalahad na aralin. Iminumungkahi ang pagbuo ng mas mahusay na pamamaraan ng pagtuturo upang mas mapaunlad at maging kawili-wili ang tradisyonal na pagkukuwento o pagtuturo ng panitikan at makaagapay sa pagbabagong dulot ng teknolohiya. Dagdag pa rito, hinihikayat ang paggamit ng multimedia tulad ng CE-Learning sa pagtuturo ng araling Florante at Laura at iba pang mga obra maestra o panitikan, nang sa gayon ay magkaroon ng mataas na pagkakataon ang mga mag-aaral na makabuluhang mapaunlad ang kanilang makrong kasanayan sa panonood.

## TALASANGGUNIAN

Brumberger, E. (2022b). Ways of looking: an eye-tracking study of visual literacy expertise. *Journal of Visual Literacy*, *41*(1), 65–89. https://doi.org/10.1080/1051144x.2022.2053818

Cabalida, E. J. (2024). E-Learning: Epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. (2024). *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, *4*(3), 2799–0664. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/06/3-IJAMS-MARCH-2024-95-112.pdf

Colasante, M. (2022). Not drowning, waving: The role of video in a renewed digital learning world. *Australasian Journal of Educational Technology*, *38*(4), 176–189. https://ajet.org.au/index.php/AJET/article/download/7915/1933/27343

Demirbaş, İ., & Şahin, A. (2020). A systemic analysis of research on digital storytelling in Turkey. *International Journal of Progressive Education*, *16*(4), 45–65. https://doi.org/10.29329/ijpe.2020.268.4

Donaghy, K. (2019). *Advancing Learning: The Fifth Skill – 'viewing.'* Onestopenglish. https://www.onestopenglish.com/advancing-learning/advancing-learning-the-fifth-skill-viewing/557577.article

Escaño, M. T., & Catungal, M. C. (2021). Pagkatuto ng mga mag-aaral sa panonood ng El Filibusterismo. (2021). *Pangasinan State University Research Journal*. https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/174

Kafai, B., & Burke, Q. (2016). *Connected Gaming: What making video games can teach us about learning and literacy*. The MIT Press. https://mitpress.mit.edu/9780262551557/connected-gaming/

Lee, Y., Hsiao, C., & Ho, C. (2014). The effects of various multimedia instructional materials on students' learning responses and outcomes: A comparative experimental study. *Computers in Human Behavior*, *40*, 119–132. https://doi.org/10.1016/j.chb.2014.07.041

Mayer, R. E. (2014). The Cambridge Handbook of Multimedia Learning. In *Cambridge University Press eBooks*. https://doi.org/10.1017/cbo9781139547369

Muńoz, M. C., & Sanchez, R. D. (2023). Exploring Fernandino Teens TV as a supplementary learning delivery modality: Opportunities and challenges from the lens of select learners. *International Journal of Open-access, Interdisciplinary and New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR)*, 2(1), 358-374.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Pagtulon-an, E. & Tan D. (2018). Students' mathematics performance and self-efficacy beliefs in a rich assessment tasks environment. (2018). *Asian Academic Research Journal of Multidisciplinary*, *5*(2), 2319–2801. https://www.sciepub.com/reference/419114

Peñeda, M. B. (2021). Mga suliranin at lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan sa Filipino sa mga piling paaralan sa antas tersarya. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, *5*(11), 2378-703X. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/11/D215112430.pdf

Pettersson, R. (2014). Visual literacy and message design. *TechTrends*, *53*(2), 38–40. https://doi.org/10.1007/s11528-009-0266-x

Roque, M. V., & Guingona, G. A. (2017). Epekto ng paggamit ng audio-visual aids sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. *Filipino Educator*, 21, 9-18.

Sari, V. N. I., Suwandi, S., & Sumarwati. (2021). Multimedia-Based Interactive Learning media in the text material of the observation report. *programdoktorpbiuns.org*. https://doi.org/10.1234/ichss.v1i1.28

Vaughan, T. (2014). Multimedia: Making It Work, Ninth Edition, 9th Edition. In *O'Reilly Online Learning* (9th ed.). https://www.oreilly.com/library/view/multimedia-making-it/9780071832885/



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!